



Mga Scam na "Nanalo Ka"

Nakatanggap ka ng isang card, tawag, o isang email na nagsasabi sa iyong nanalo ka! Marahil isa itong paglalakbay o isang premyo, isang loterya o isang sweepstake. Masayang-masaya ang taong tumatawag at hindi na makapaghintay na makuha mo ang iyong mga napanalunan.

Ngunit ito ang susunod na mangyayari: sasabihin niya sa iyong may singil ito, ilang buwis, o buwis sa customs na babayaran. At pagkatapos ay hihingin niya ang numero ng iyong credit card o impormasyon ng account sa bangko, o hihilingin niyang magpadala ka ng pera.

Sa alinmang paraan, nawalan ka ng pera sa halip na nanalo. Kailanman ay hindi mo makukuha ang malaking premyong iyon. Sa halip, nakakakuha ka ng higit pang mga kahilingan sa pera, at higit pang mga pangako na malaki ang napanalunan mo.

Narito ang maaari mong gawin:

1. **Itabi ang iyong pera — at ang iyong impormasyon — sa sarili mo.** Huwag na huwag ibabahagi ang iyong impormasyong pinansyal sa ibang taong makikipag-ugnay sa iyo at magsasabing kailangan mong gawin ito. At huwag na huwag magpapadala ng pera sa sinumang nagsasabi sa iyong gawin ito.
2. **Ipasa ang impormasyong ito sa isang kaibigan.** Maaaring ipinagwawalang-bahala mo ang mga ganitong uri ng mga scam o ibinababa ang telepono kapag nakakatanggap ka ng ganitong mga tawag. Ngunit maaaring may kakilala kang maaaring makinabang sa isang mabuting paalala.

Gusto pang madagdagan ang kaalaman?

Mag-sign up para sa mga Alert para sa Mamimili ng FTC (FTC Consumer Alerts) sa ftc.gov/subscribe.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon tungkol sa mga Scam na "Nanalo Ka"

I-download at i-print



FEDERAL TRADE COMMISSION

PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

[Artikulo sa mga Scam na "Nanalo Ka"](#)

[Bookmark sa mga Scam na "Nanalo Ka"](#)

[Aktibidad para sa mga Scam na "Nanalo Ka"](#)

[PowerPoint para sa mga Scam na "Nanalo Ka"](#)

[TIGNAN ANG MGA KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON](#)